

Pangangalaga pagkatapos magpabakuna: Mga batang nasa edad ng pagpasok sa eskwelahan at mga teenager

Alamin kung ano ang maaasahang mangyari sa mga susunod na araw at kung paano aalagaan ang iyong anak

Ang maaaring maging side effects ng iyong anak pagkatapos ng ilang vaccines



Kapaguran at pananakit ng ulo



Alibadbad, pagsusuka, at diarrhea



Lagnat, nilalamig, at pangingingig



Pananakit ng kalamnan at kasu-kasuan



Pananakit, pamumula, at pamamaga ng lugar na iniksyunan

Para sa COVID-19 vaccines: maaaring mangyari hanggang 7 araw pagkatapos



Pagkatapos ng COVID-19 vaccines: namamagang lymph nodes sa ilalim ng kilikili



Pagkatapos ng nasal spray influenza (flu) vaccine: baradong ilong at tumutulong ilong



Pagkatapos ng MMR at varicella vaccines: maaaring magkaroon ng lagnat, pantal-pantal, at iba pang side effects mga 1-2 linggo pagkatapos mabakunahan

Ang karamihan ng side effects ay banayad at nawawala pagkatapos ng 1-2 araw

Para sa side effects ng bawat vaccine, basahin ang HealthLinkBC Files na mahahanap sa immunizebc.ca/immunization-schedules/school-age

Tingnan ang susunod na pages para sa:

Paano ko ba matutulungang bumuti ang pakiramdam ng aking anak?

Mga gamot na makakatulong

Kailan dapat kumuha ng medikal na atensyon



Available sa 简体中文 (Simplified Chinese), 繁體中文 (Traditional Chinese), فارسی (Farsi), 한국어 (Korean), ਪੰਜਾਬੀ (Punjabi), at iba pang mga wika

Pangangalaga pagkatapos magpabakuna: Mga batang nasa edad ng pagpasok sa eskwelahan at mga teenager

Paano ko ba matutulungang bumuti ang pakiramdam ng aking anak?



Para sa pananakit at pamamaga sa lugar na iniksiyunan:

- ✓ Patungan ito ng malamig-lamig na basang tela o nakabalot na ice pack.
- ✓ Sabihin sa iyong anak na ikilos niya ang kanyang braso ilang beses bawat araw.
- ✓ Subukan ang gamot na hindi nangangailangan ng reseta para makatulong na bawasan ang kawalan ng ginhawa (*tingnan sa ibabâ*).



Para sa lagnat:

- ✓ Hayaang magpahinga nang husto ang iyong anak.
- ✓ Hikayatin ang iyong anak na uminom ng maraming fluids.
- ✓ Pagbihisin siya ng magaan kasuotan.
- ✓ Subukan ang gamot na hindi nangangailangan ng reseta para makatulong na ibabâ ang lagnat at bawasan ang kawalan ng ginhawa (*tingnan sa ibabâ*).

Lugar sa Katawan	Normal Range	Lagnat
kilikili	36.5-37.5 °C	≥ 37.6 °C
bibig*	35.5-37.5 °C	≥ 37.6 °C
taenga	35.8-38 °C	≥ 38.1 °C
puwit**	36.6-38 °C	≥ 38.1 °C

Paunawa: Ang measurements mula sa paggamit ng thermometers para sa noo ay maaaring hindi wasto.

* Huwag gamitin para sa mga batang wala pang 5-taong-gulang.

** Gumamit ng rectal thermometer kapag lamang komportable kang gamitin ito at ipinakita sa iyo ng isang health care provider kung paano ito ligtas na gamitin.

Mga gamot na makakatulong sa lagnat at pananakit

Hindi laging kinakailangan ang gamot para ibabâ ang lagnat. Maaari itong gamitin para magbigyang-ginhawa ang mga pananakit at kirot, at para gawing mas komportable ang iyong anak.

Maaari mong ibigay ang mga gamot na ito na hindi nangangailangan ng reseta:

- ✓ **Acetaminophen**, tulad ng Tylenol®.
- ✓ **Ibuprofen**, tulad ng Advil®.

Safety tips kapag umiinom ng gamot na hindi nangangailangan ng reseta:

- ✓ Laging sundin ang mga direksyon sa label. Huwag sumobra sa inirerekomendang dosis.
- ✓ Huwag magbigay ng ASA (Aspirin®) sa sinumang mas bata sa 18-taong-gulang.

Pangangalaga pagkatapos magpabakuna: Mga batang nasa edad ng pagpasok sa eskwelahan at mga teenager

Kailan dapat kumuha ng medikal na atensyon

Bihirang-bihira ang mga malulubhang masasamang epekto. Pero kung mangyayari man sila, mahalaga ang kumilos.

Kumuha kaagad ng medikal na atensyon kapag ang iyong anak ay may:

- ✓ Mga palatandaan o sintomas ng malubhang allergic na reaksyon (hal., pantal-pantal, kahirapang huminga, o pamamaga ng lalamunan, dila, o mga labi). Kung mangyayari man ito pagkaalis mo sa clinic, tumawag sa 911 o sa iyong local emergency number.
- ✓ Seizure. Tumawag sa 911 kung ang seizure ay nagtatagal nang mahigit sa 3 minuto.
- ✓ Lagnat na nagtatagal nang mahigit sa 3 araw. Ang lagnat ay minsan ding maagang palatandaan ng isang sakit na walang kinalaman sa vaccine.
- ✓ Binigyan ng COVID-19 vaccine at mayroong pananakit sa dibdib, pangangapos ng hininga, o karamdamang mabilis ang tibok ng puso, may pangingin sa puso, o kumakabog ang dibdib.
- ✓ Anumang ibang nakakabahalang palatandaan o sintomas (halimbawa, dehydrated, mahirap gisingin, maputlang maputla, mahinang mahina, o may grabeng pagsusuka o diarrhea).

Ireport sa iyong immunization provider / clinic o health care provider ang anumang malubha at/o hindi inaasahang side effects pagkatapos mabakunahan.



Hanapin ang immunization record ng iyong anak sa
healthgateway.gov.bc.ca